WALK THE TALK

# Tandaan ang Salita

WEEK 5

## WARM-UP

- Sino ang pinakamakakalimuting tao na kilala mo? Balikan ang isang pagkakataong nagpapaliwanag nito.
- Paano mo ipinapaalala sa sarili mo ang mga mahahalagang petsa at gawain? Magbahagi ka ng isang *life hack* o isang pamamaraan para mapadali ang buhay.
- Magbahagi ng isang alaala mula sa pagkabata mo. Bakit mo ito hindi makalimutan?

## WORD

*Masdan n'yo ang dinaranas kong paghihirap at ako'y inyong iligtas, dahil hindi ko kinakalimutan ang inyong kautusan.* **SALMO 119:153**

(Basahin din ang **SALMO 119:154–160.**)

Nakakalimot tayo ng maraming bagay—mga kaarawan, susi, *deadline*, at detalye. Bagama't may mga bagay na pwedeng makalimutan, may mga bagay din na hindi dapat. Kasama rito ang kautusan ng Diyos. Kahit sa kanyang pagdurusa, hindi nalimutan ng Salmista ang kautusan (o salita, pangako, o tuntunin) ng Diyos. Mahalaga pa rin ito sa kanya. Maaaring naging desperado na ang Salmista habang sinusulat niya ang mga salitang ito, dahil ginamit niya ang pangalan ng Diyos ayon sa kanilang kasunduan at umapila siya sa Kanyang katangian. Naunawaan ng Salmista na ang buhay ay galing sa salita ng Diyos. Ang buhay na ito na gustong ibigay sa kanya ng Diyos ay pinagpala, masagana, at nag-uumapaw—hindi pangkaraniwan o mababa ang kalidad. Sa araw na ito, habang hinaharap natin ang ating mga paghihirap, maaari nating maalala sa pamamagitan ng salita ng Diyos kung sino Siya at kung paano Siya kumikilos. Sa ating pagsasama-sama, maaari tayong magkaroon ng pananampalataya at pag-asa upang matanggap ang buhay na tulad ng hiningi ng Salmista sa Diyos.

## 1 Binibigyan tayo ng Panginoon ng buhay ayon sa Kanyang pangako.

*[153]Masdan n'yo ang dinaranas kong paghihirap at ako'y inyong iligtas, dahil hindi ko kinakalimutan ang inyong kautusan. [154]Ipagtanggol n'yo ako at iligtas, **panatilihin n'yo akong buhay ayon sa inyong pangako**.* **SALMO 119:153–154**

Para sa Salmista, ang kautusan ng Diyos ay hindi lamang mga tuntunin na dapat ipamuhay. Ito ang kabuuan ng salita ng Diyos na naglalaman ng mga dakilang pangako para sa Kanyang mga mamamayan na hindi pa natutupad. Kapag may hinaharap tayong pagsubok, gaya ng Salmista, lalapit ba tayo sa Diyos at magtitiwala sa pangako Niya? Sa tingin mo, bakit natural at totoo ang panalangin ng Salmista?

## 2 Binibigyan tayo ng Panginoon ng buhay ayon sa Kanyang paghatol.

*[155]Hindi maliligtas ang masasama, dahil hindi nila ipinamumuhay ang inyong mga tuntunin. [156]Napakamaawain n'yo PANGINOON; **panatilihin n'yo akong buhay ayon sa inyong paghatol**.*
**SALMO 119:155–156**

Ang mga paghatol ng Diyos—mga deklarasyon at desisyon ayon sa Kanyang katangian at pagmamahal—ay hindi paghihigpit. Sa katunayan, nagbibigay-buhay ang mga ito. Habang ang mga makasalanan ay hindi nakaranas ng kaligtasan, ang Salmista ay tumingin sa Diyos upang makatanggap ng habag para sa kanyang buhay. Makatitiyak tayo sa kabutihan ng Diyos at matatanggap natin ang masaganang buhay na ibinibigay Niya. Paano naiiba ang mga paghatol at deklarasyon ng Diyos sa mga paghatol na alam at iniiwasan natin?

## 3 Binibigyan tayo ng Diyos ng buhay ayon sa Kanyang tapat na pag-ibig.

*[157]Marami ang umuusig sa akin, ngunit hindi ako lumayo sa inyong mga turo. [158]Kinasusuklaman ko ang mga hindi tapat sa inyo, dahil hindi nila sinusunod ang inyong salita. [159]Tingnan n'yo* PANGINOON *kung paano ko sinusunod ang inyong mga tuntunin.* ***Panatilihin n'yo akong buhay ayon sa inyong tapat na pag-ibig****.*

**SALMO 119:157–159**

Sa huli, mayroon tayong buhay dahil sa matatag at matapat na pag-ibig ng Diyos. Lagi tayong makakaasa sa Kanyang di-nagbabago at mapagmahal na katangian. Hindi tayo umaasa sa mga tagausig, kalaban, at walang pananampalataya—silang mga tumataliwas at hindi sumusunod sa mga utos ng Diyos. Sa halip, dapat nating mahalin ang Kanyang mga tuntunin at iasa sa Kanya ang buhay. Sa tingin mo, ano ang mangyayari sa buhay kung nagbabago at papalit-palit ang katangian ng Diyos, minamahal tayo isang araw at tinatalikuran tayo kinabukasan?

..............................................................................

..............................................................................

..............................................................................

Nagbibigay-buhay ang salita ng Diyos sa ating mga pagsubok at kawalan ng pag-asa. Kapag naaalala natin Siya at tumutuon tayo sa Kanyang salita, natatanggap natin ang buhay na Kanyang ibinibigay ayon sa Kanyang pangako, paghatol, at tapat na pag-ibig.

## APPLICATION

- Kabisaduhin ang Salmo 119:153: *Masdan n'yo ang dinaranas kong paghihirap at ako'y inyong iligtas, dahil hindi ko kinakalimutan ang inyong kautusan.* Bigkasin ito nang paulit-ulit at gawin itong panalangin mo ngayong linggo.

- Sa ano o kanino mo inaasa ang buhay? Paano mo maiaasa sa Diyos ang buhay araw-araw?

- Masasabi mo bang mahal mo ang salita ng Diyos? Paano mo nakikita ang salita ng Diyos at sa tingin mo, paano lalago ang pagmamahal mo sa salita ng Diyos? Kanino mo maibabahagi ang salita ng Diyos ngayong linggo?

## PRAYER

- Magpasalamat sa Diyos sa halimbawa at salita ng Salmista na maaari mong tularan. Ipanalangin na magawa mong tumugon sa mga hamon ng buhay sa pamamagitan ng paglapit sa Diyos at pag-alala sa Kanyang salita.
- Ipanalangin na lumago ang pag-ibig mo sa salita ng Diyos sa bawat pagdaan ng mga araw. Hilingin sa Diyos na bigyan ka ng buhay ayon sa Kanyang pangako, paghatol, at tapat na pag-ibig.
- Ipanalangin ang isang miyembro ng iyong pamilya o kaibigan na maaaring nagdurusa o nakadarama ng kawalan ng pag-asa. Ipanalangin na maranasan niya ang habag, pag-ibig, at buhay na galing sa Diyos.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Leonardo Angcajas Jr.

victory.org.ph